


Ang susunod ay ang pakikipanayam o Interview.　Tingnan ang pahina 8(walo) sa Guide Book.
Itong interview sheet ay isulat sa sarili. Ipasa ito kasama ng aplikasyon kung saan nais kumuha ng pagsusulit na Paaralan.
Karamihan sa Mataas na Paaralan ay kinakailangan
Ang mga nilalaman na isusulat
１ “Bakit gusto mong pumasok sa Paaralan ito”
２ “Bakit gusto mong pumasok sa Paaralan ito”
３ “Pinag-sikapan ginawa sa club aktibidad, school council,pagboboluntaryo at iba pa”.
４ “Ano ang magandang katangian sa sarili”
Ang Interview Sheet ay isang sanggunian na materyal para sa pakikipanayam o interview.
Hindi sinusuri ang nilalaman ng sinulat.
Babasahin ito ng gurong mag iinterview at pag-iisipan kung ano ang itatanong.
Mangyaring isulat kung anong ninanais, at i-apela.
Para sa hindi pa masyadong marunong mag japanese.Isulat sa sariling wika at ipasalin sa salitang hapon, pagkatapos maaari mong kopyahin at isalin.




Tingnan na natin ang estado ng pakikipanayam (interview)!
Ang panayam (interview) ay parehong mayroon para sa ordinaryong tanggapan at para rin sa Espesyal na Tanggapan.



Mag-isa lang sa oras ng interview, Bawat isa ay nasa mahigit sampu minuto.
Sa isunulat sa interview sheet mang-gagaling ang mga katanungan.
Mag praktis ng ilang beses para wag kabahan.




Ang punto para sa interview …

1) Sumagot ng malinaw at malakas ang boses.

2) Ang kasuotan, uniporme sa Paaralan ang isusuot ng nag-aaral sa Jr High School pormal na damit tulad ng blazer ang isusuot ng mga hindi nag-aral sa Japan. Mangyaring makiharap ng nasa magalang na paraan.

3) Kung hindi mo alam ang katanungan.Hindi magandang manahimik.

*“Sumimasen, moichido onegai shimasu* (Pasensya na po, maaari pong pakiulit.)” ang sabihin natin.